# Salitang buhay

gabay sa pagninilay ng katutubong Simbahan



# Ikalawang Linggo ng Adbiyento

TAON K | DISYEMBRE 8, 2024 | LILA

**PANIMULA**

*Namumuno* Magandang araw po sa ating lahat, ngayon po ay nakapaloob tayo sa Ikalawang Linggo ng Adbiyento.

Isa rin sa mga sentro ng mensahe sa atin ng panahon ng Adbiyento ay ang pagbabalik-loob sa Diyos sa pamamagitan ng pagtutuwid ng sarili. Sinasabing bilang binyagang Kristiyano, ang buong kalooban nati'y kailangang sa Panginoon nakatuon. Sinabi ni Juan na sa pamamagitan ng Bautismo malilinis ang ating buong pagkatao. Subalit hindi isang literal na salita na binanggit na tuluyang pagkalinis kundi ito'y isang tanda na nilinis ng bautismo ang kasalanang orihinal bilang unang hakbang sa

pagtalima sa Panginoong Hesukristo. Kaya't halina at tayo'y buong giliw na makipag-ugnayan sa ating Panginoon sa muli't muli nating paghihintay sa Kanya.

*Tatayo ang lahat sa pagsisimula ng Banal na Misa.*
*Pambungad na Awit.*

*Pupunta ang pamilya sa pagsisindi ng kandila kasama ang Pari sa harapan ng korona ng Adbiyento at dito isasagawa ang nakalaang panalangin sa pagsisindi ng ikalawang kandilang lila.*

**ANG PAGSISINDI SA IKALAWANG KANDILA NG ADBIYENTO**

*Tutungo ang Pari, mga ministro kasama ang pamilya sa Korona ng Adbiyento upang doon umpisahan ang pagbabasbas.*

*Pari* Mga kapatid nagpapatuloy ang ating pakikitampok sa Diyos na makapangyarihan sa lahat at ang pagpapatotoo ni San Juan Bautista ukol sa pagdating ng Panginoong Hesus sa sanlibutan. Tayo ay isinama rin ni San Juan sa kanyang paglalakbay na ipahayag ang Mabuting Balita ukol sa kanyang unang pagparito. Kung kaya't makiisa tayo sa kanya, salubungin natin ang ating Mesiyas at itakwil natin ang kasalanang nagdulot sa atin ng paghiwalay sa Kanyang sambahayan.

*Magpapatuloy ang pari.*

*Pari* Manalangin tayo.

Ama namin, Ikaw ang siyang tanglaw sa aming buhay, Ikaw ang nagturo sa amin na maging mabuting mga alagad. Kagaya ni San Juan, itinampok Ka niya sa lahat ng tao. Itinuro niya sa amin na Ikaw ay aming paghandaan sa Iyong pagparito. Kami ngayon ay nananalangin, kasama ang mga pamilyang naririto ngayon at ang pamilyang magsisindi ng ikalawang kandila ng Adbiyento na pamarisan ang lahat ng Iyong ginawang kabutihan sa sanlibutan. Nawa'y gawin Mo kaming mga tunay na tagapaglingkod sa Iyo at matutunan naming mabuti ang mahalin at sumamba sa Iyong ngalan, ngayon at magpasawalang-hanggan. *Amen.*

**PANALANGIN PARA SA IKALAWANG LINGGO NG ADBIYENTO**

*Pamilya* O Diyos, aming Ama, pinupuno Mo ang aming mga buhay ng bawat mabuting handog. Tulungan Mo kaming magbilang ng aming mga biyaya at matagpuan ang kagalakan sa mga simpleng mga bagay sa aming kapaligiran, at tulutan Mo kaming maging higit na maligaya na paghandaan ang Iyong muling pagparito kagaya ni San Juan.

Sinisindihan namin ang ikalawang kandilang ito upang patuloy na mag-alab ang aming

mga puso na may pananampalataya sa Iyo kasama ang aming buong pamilya. Maging tanglaw Ka nawa sa aming tahanan sa kabila ng maraming pagsubok na dumarating sa aming buhay.

Akayin Mo po kami nang lubusan Ka naming sambahin at gawin kaming mga alagad sa makabagong panahon. Tulutan Mo po na aming maisabuhay ang bawat salitang aming narinig buhat sa Iyong mga aral upang ito'y maging daan ng aming pag-unlad at pakikiisa sa Iyo bilang aming Panginoon na nabubuhay at naghahari magpakailanman. *Amen.*

*Sisindihan ang ikalawang kandila ng Adbiyento.*
*Magpapatuloy ang pari sa nakaugaliang pagdiriwang ng Banal na Misa.*
*Hindi aawitin ang Luwalhati.*
*Aawitin ang Aleluya sa awit ng pagpaparangal sa Ebanghelyo.*

**PANALANGING PAMBUNGAD**

*Pari* Mapaglingap naming Ama: Patuloy Mo po kaming alalayan sa pagtahak sa tamang daan hanggang sa muling pagbabalik ng Iyong Bugtong na Anak na si Hesukristo, upang sa Kanyang pagbibigay katuparan sa kaganapan ng Iyong Kaharian ay maganap din ang aming kaligtasan. Sa pamamagitan Niya na aming makapangyarihang kaibigan at kasama; na nabubuhay at naghaharing kasama Mo at ng Espiritu Santo, iisang Diyos, ngayon at magpakailanman. *Amen.*

*Uupo ang lahat upang pakinggan ang mga pagbasa.*
**UNANG PAGBASA |** Baruc 5:1-9 **|**

*Ipinapakita sa aklat na ito ni propeta Baruc ang patuloy na pagpapahalaga ng Diyos sa bayang Israel kahit ito man ay minsang lumayo sa kalooban Niya. Ipinababatid nito na binibigyang pagkakataon ang bayang nasadlak sa kasalanan. Tulad ng taong nagsusumikap na makapagpanibago, hinihintay lamang ng ating Panginoon na tayo'y lumapit sa Kanya at hingin ang kapatawaran sa ating mga nagawang kasalanan.*

*Tagabasa* **Pagbasa mula sa aklat ni propeta Baruc.**

Jerusalem, hubarin mo na ang lambong ng panluluksa at isuot mo ang walang hanggang kaningningan ng Diyos. Ibalabal mo ang kanyang katwiran at iputong mo sa iyong ulo ang korona ng kadakilaan ng Diyos na Walang Hanggan. Itatanyag ka niya sa lahat ng dako. Tatawagin kang "Kapayapaang bunga ng katwiran at karangalan ng pagiging maka-Diyos." Jerusalem, tumindig ka at umakyat sa mataas na burol, tingnan mo ang iyong mga anak na sa isang tawag lamang ng Diyos na Banal ay natitipon mula sa silangan hanggang sa kanluran. Nagagalak sila pagkat hindi sila kinalilimutan ng Diyos. Bihag silang inagaw sa iyo at kinaladkad na palayo, ngunit ngayo'y ibinabalik sa iyong sakay sa kaluwalhatian na wari'y nakaupo sa maharlikang trono. Iniutos ng Diyos na patagin ang matataas na bundok at walang hanggang burol, at tambakan ang mga lambak upang panatag na makabalik ang bayang Israel na puspos ng kadakilaan ng Diyos. Sa utos niya'y lilitaw ang maraming mababangong punongkahoy upang liliman ang Israel. Aakayin sila ng

Diyos, at babalik silang masaya sa pangangalaga ng kanyang habag at katwiran, at liligaya sa liwanag ng kanyang walang hanggang kaningningan.

*Tagabasa* Ang Salita ng Panginoon.
*Bayan* ***Salamat sa Diyos.***

**SALMO RESPONSORIO |** Awit 126 **|**

**SA KANYANG LINGAP AT PAGPAPALA, LAHAT TAYO'Y NATUWA!**

*Namumuno* Nang lingapin tayo ng Diyos at sa Sion ay ibalik, ang nangyaring kasaysaya'y parang isang panaginip. Lahat tayo ay natuwa, masasayang nagsiawit! Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa paligid, "Ang ginawa ng Diyos nila ay dakila, anong dikit!" **TUGON.**

*Namumuno* Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa, kaya naman kami ngayon, kagalaka'y di kawasa! Kung paanong inuulan yaong mga tuyong batis, sa sariling bayan namin, kami, Yahweh, ay ibalik. **TUGON.**

*Namumuno* Silang mga nagbubukid na nagtanim na may luha, bayaan mo na mag-aning masasaya't natutuwa. Yaong mga nagsihayong dala'y binhi't nananangis, ay aawit na may galak, dala'y ani pagbalik! **HULING TUGON.**

**IKALAWANG PAGBASA |** Filipos 1:1-11 **|**

*Tuwa at kagalakan ang hatid ni San Pablo sa mga taga-Filipos, sapagkat ang mga Kristiyano sa lugar na ito*

*ay nagpapatuloy sa pagsunod sa kalooban ng Diyos. Ang katangian ng mga tao sa Filipos ang siyang magandang bunga ng pagiging mabuting pastol, kaya't ang dalangin ni San Pablo ay marapating ipagkaloob sa kanila ang kaluwalhatian at kagalakan ng Panginoon Hesukristo hanggang sa muli Niyang pagdating.*

*Tagabasa* **Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga – Filipos.**

Mula kina Pablo at Timoteo, mga alipin ni Kristo Hesus – sa mga taga-Filipos na hinirang ng Diyos at nananalig kay Kristo Hesus, gayon din sa mga tagapangasiwa at sa mga tagapaglingkod: Sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaan ng Diyos na ating Ama at ng Panginoong Hesukristo. Nagpapasalamat ako sa Diyos tuwing maaalaala ko kayo. Ang aking mga panalangin para sa inyo ay laging puspos ng kagalakan dahil sa inyong tulong sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita tungkol kay Kristo, mula nang ito'y inyong tanggapin hanggang sa kasalukuyan. Tinitiyak ko sa inyong ang mabuting gawa na pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa Araw ng pagbabalik ni Kristo Hesus. Marapat lamang na pahalagahan ko kayo nang ganito, sapagkat kayo'y mahal sa akin. Naging kahati ko kayo sa mga pagpapala ng Diyos noon pa mang ako'y nagtatanggol at nagpapalaganap ng Mabuting Balita, maging ngayong nakabilanggo ako. Nalalaman ng Diyos na ang pananabik ko sa inyo ay kasinlaki ng pagmamahal sa inyo ni Kristo Hesus. Idinadalangin ko sa Diyos na mag-ibayo ang inyong pag-ibig at masangkapan ng malinaw na pagkakilala at malawak na pagkaunawa upang mapili ninyo ang pinakamahalaga sa lahat ng bagay. Sa gayon, pagdating ng Araw ng pagbabalik ni Kristo, masumpungan kayong

malinis, walang kapintasan, at puspos ng magagandang katangiang kaloob sa inyo ni Hesukristo, sa karangalan at kapurihan ng Diyos.

*Tagabasa* Ang Salita ng Panginoon.
***Bayan*** ***Salamat sa Diyos.***

*Tatayo ang lahat sa Banal na Ebanghelyo ng Panginoon.*

**ANG EBANGHELYO |** Lucas 3:1-6 **|**

*Aleluya! Aleluya! Sa Iyong pagbabalik, masumpungan kaming malinis, walang kapintasan, at nagpupuri sa Iyong ngalang makalangit. Aleluya! Aleluya!*
***- Filipos 1:10a-11***

*Pari* Ang Panginoon ay sumainyo.
***Bayan*** ***At sumaiyo rin.***

*Pari* Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas.
***Bayan*** ***Luwalhati sa Iyo, Panginoong Hesukristo.***

Ikalabinlimang taon noon ng paghahari ni Emperador Tiberio. Si Poncio Pilato ang gobernador sa Judea, si Herodes ang tetrarka sa Galilea at ang kapatid naman niyang si Felipe, sa lupain ng Iturea at Traconite. Si Lisanias ang tetrarka sa Abilinia. Sina Anas at Caifas naman ang mga pinakapunong saserdote noon. Nang panahong iyon, nasa ilang si Juan na anak ni Zacarias. Dumating sa kanya ang salita ng Diyos, kaya't nilibot niya ang mga lupain sa magkabilang panig ng Jordan at nangaral. "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at pabinyag kayo upang kayo'y patawarin ng Diyos," wika niya. "Sa gayo'y natupad ang nasusulat sa

aklat ni propeta Isaias" "Ito ang sabi ng isang sumisigaw sa ilang: 'Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang mga landas! Tatambakan ang bawat lambak, at titibagin ang bawat burol at bundok. Tutuwirin ang daang liku-liko, at papatagin ang daang baku-bako. At makikita ng lahat ng tao ang pagliligtas na gagawin ng Diyos.'"

*Pari* Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
***Bayan*** ***Papuri sa Iyo, Panginoong Hesukristo.***

*Isusunod ang Homilya at ipagpapatuloy sa Liturhiya ng Banal na Eukaristiya.*

**PANALANGIN NG BAYAN**
*Luluhod ang lahat.*

*Pari* Sa ating pang-Adbiyentong paglalakbay, lalo nating nauunawaang kailangan ang paghahanda ng daan para sa Panginoon sa pamamagitan ng puspusang pansariling pagpapakabuti. Hilingin natin ang Kanyang tulong at manalangin: ***Panginoon, akayin Mo kami sa landas ng kabanalan.***

*Lektor* Para sa Simbahan at mga namumuno rito: sa tulong ni Juan Bautista, matagumpay nawa nilang maihanda ang mga puso ng mga tao sa pagsalubong sa Panginoon sa pamamagitan ng kanilang turo at mabuting halimbawa. Manalangin tayo. ***Panginoon, akayin Mo kami sa landas ng kabanalan.***

*Lektor* Para sa lahat ng napariwara sa kanilang buhay: Nawa dinggin nila ang panawagan ni Juan na sila'y magsisi sa Adbiyentong ito at magkamit ng bunga ng tapat na pagbabalik-loob. Manalangin tayo. ***Panginoon, akayin Mo kami sa landas ng kabanalan.***

*Lektor* Para sa lahat ng napariwara ang buhay at naligaw ng landas: Nawa'y dinggin nila ang panawagan ni Juan na sila'y magsisi sa Adbiyentong ito at tumahak sa landas ng pagbabalik-loob. Manalangin tayo. ***Panginoon, akayin Mo kami sa landas ng kabanalan.***

*Lektor* Para sa nag-aakalang sila ay higit sa iba: Nawa'y magamit nila ang kanilang talino sa pagtulong sa mahihina alang-alang sa diwa ng paglilingkod at pakikipagkaisa sa kapwa. Manalangin tayo. ***Panginoon, akayin Mo kami sa landas ng kabanalan.***

*Lektor* Para sa mga taong natatangay ng pagkamuhi, kapusukan, at kasakiman: Nawa'y, alang-alang sa diwa ng Adbiyento, ay mapanuto sila sa landas ng katarungan at kapayapaan. Manalangin tayo. ***Panginoon, akayin Mo kami sa landas ng kabanalan.***

*Lektor* Para sa ating pagsalubong sa taon ng Jubileo: palakasin nawa nito ang ating pananampalataya, at matulungan tayong makilala ang Panginoong muling nabuhay sa

ating pang-araw-araw na buhay. Manalangin tayo. ***Panginoon, akayin Mo kami sa landas ng kabanalan.***

*Lektor* Sa katahimikan, idalangin natin ang ating mga pansariling kahilingan.

*Maglaan ng sandaling katahimikan.*

*Pari* Manalangin tayo.

Panginoong Diyos, tibayan Mo ang aming kalooban sa paghahawan ng matuwid na daan para sa Iyong Anak na si Hesus. Punuin Mo ang mga lambak ng aming mga kabiguan, patagin ang mga bundok ng aming pagmamataas, at iayos ang aming baku-bakong daan ng masamang pag-uugali. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Hesus na aming Panginoon. *Amen.*